Enero - Marso 2013

NOT FOR SALE

VALENZUELA **Ngayon**

Taon 7 Blg 5

VALENZUELA, MAY DISIPLINA!







*INTERNATIONAL AWARD. Tinanggap ni Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian ang tropeo ng Manila 40 Under 40 mula kay Devex president at founder Raj Kumar bilang pagkilala sa kanyang natatanging kontribusyon sa mga development programs sa loob at labas ng bansa.*

# Mayor WIN, pasok sa Top International Development Leaders

**NAPABILANG SI VALENZUELA CITY MAYOR** Sherwin T. Gatchalian sa hanay ng 40 "young, reform-minded, and spirited leaders" sa bansa na nagbibigay ng positibong epekto sa buhay ng mga tao sa loob at labas ng bansa.

Ito ay matapos tanggapin ni Mayor WIN ang pormal na pagkilala bilang isa sa Manila 40 Under 40 International Development Leaders sa Zuellig Building sa Makati City, Peb. 19, mula kina DSWD Sec. Dinky Soliman at Development Executive Group (Devex) President Raj Kumar.

Tinipon ng Devex, isang international community ng aid at development professionals mula sa 100 bansa at energy firm na Chevron (Caltex), ang top 40 leaders na edad 40 pababa bilang pagpupugay sa kanilang impluwensya sa development agenda at bunga ng mga ito.

Kasama ng 38 anyos na alkalde ang iba pang Pilipino at Manila-based foreign professionals na nagtatrabaho sa mga international development agencies, gobyerno, korporasyon at NGOs na ni-nominate ng kanilang mga kasamahan.

Tanging sina Gatchalian at Sarangani Gov. Miguel Rene Dominguez ang mga halal na opisyal sa listahan. Kapwa nila isinentro ang edukasyon sa kani-kanilang development agenda.

"Valenzuela City is one of the most progressive cities, especially on social services," bati ni DSWD Secretary Soliman kay Mayor WIN.

Sumasalamin ang pahayag na ito sa panayam ng Devex kay Mayor Gatchalian sa city hall kamakailan. Sinabi niyang "Producing a highly educated workforce that can meet the needs and requirements of high-tech industries is the way to boost the city's competitiveness."

Tinututukan kasi ng Valenzuela City ang reporma sa edukasyon sa pamamagitan ng WIN Ang Edukasyon Program para mas mapabuti ang performance ng mga mag-aaral nito sa lahat ng antas.

Dito naging maugong ang accomplishments

sundan sa pahina 2

## Galing Pook ang Valenzuela City




*SITE VERIFICATION. Dinalaw ni Galing Pook Foundation Board of Trustees Chairperson Nieves Confesor ang city hall para personal na beripikahin ang 3S in Public Service Program ng lungsod, Nob. 5, 2012. **Kuha ni Mark Cayabyab***

**NAPILI ANG 3S IN PUBLIC SERVICE NG PAMAHALAANG LUNGSOD** ng Valenzuela bilang isa sa 10 outstanding local governance programs sa buong bansa ng prestihiyosong Galing Pook Awards 2012.

Sa isang liham na ipinadala ni Galing Pook Executive Director Eddie Dorotan kay City Mayor Sherwin T. Gatchalian noong Enero 4, binati ng Galing Pook National Selection Committee ang lungsod dahil sa aksyon nitong sugpuin ang kultura ng graft and corruption at tiyakin ang transparency at good governance sa mga serbisyo nito.

Layon ng parangal na kilalanin ang mga mahuhusay na programa ng mga local government units upang magsilbing ehemplo sa iba pang komunidad at makatulong sa pamumuhay ng mga mamamayan nito.

Sa ginanap na final panel presentation at interview sa Ateneo de Manila University noong Nobyembre 2012, nilahad ni Mayor WIN na nagawang doblehin ang kita ng lungsod dahil sa 3S in Public Service at mas napalawak at napagbuti ang serbisyo sa tao dahil sa mga reporma sa mga proseso at tanggapan nito.

Dagdag pa ng alkalde na produkto ang 3S Program ng iba't-ibang best practices sa

sundan sa pahina 2

### *Proyektong pabahay pinalawak*

## Disiplina Village Phase 2 malapit ng lipatan



*BAYANIHAN. Sa pamamagitan ng sweat equity system, pinagtutulungan ng isang pamilyang benepisyaryo sa Disiplina Village ang paggawa ng kanilang bagong tahanan sa flagship housing project ng lungsod. Mabilis na naisakatuparan ang pangakong pabahay para sa mga informal settlers na na-Ondoy dahil sa bayanihang ipinakita ng pamahalaang lokal, mga negosyo at non-government organizations. **Kuha ni Mark Cayabyab***

**LUMALAWAK PA ANG PANGUNAHING PROYEKTONG PABAHAY** ng pamahalaang lungsod sa nalalapit na pagbubukas ng Disiplina Village Phase 2 sa Brgy. Ugong.

Dahil ito sa nalalapit nang pagkakagawa ng National Housing Authority ng paunang 3 gusali para sa 72 pamilya. Ganun din ang 4 na gusali ng Gawad Kalinga at Dakilang Handog Foundation para sa 64 pamilya na nasa katabing Phase 1 naman.

Bahagi ng 1.9 ektaryang lupa, layon ng Phase 2 na mabigyan ng ligtas at disenteng tahanan ang may kabuuang 544 pamilya.

Nakahanda nang i-turn over ang mga ito sa lokal na pamahalaan nitong darating na Abril ayon kay Rolly Sicabalo, project

sundan sa pahina 2

## Dadaan mula sa Valenzuela

# NLEX tatagos pa-Port Area

**MAS MASIGLANG KALAKALAN AT MAS MABILIS** na byahe ang hatid ng 8 kilometrong NLEX Harbor Link project na babagtas mula Valenzuela City hanggang sa Port Area sa Maynila oras na matapos ito ng Manila North Tollways Corp., isa sa pinakamalaking taxpayer sa lungsod sa loob ng nakaraang dalawang taon.

Ayon kay MNTC president at CEO Rodrigo E. Franco sa ginanap na groundbreaking sa SMART Connect Interchange sa Brgy. Ugong, Peb. 7, pagdudugtungin nito ang MacArthur Highway at C-3 Road sa mismong NLEX Main na nasa Valenzuela City hanggang sa NLEX Mindanao Avenue Link sa Quezon City.




*FULL SPEED AHEAD. Ipinapakita ng mga opisyal ang lawak ng NLEX Harbor Link na isang pangunahing Private-Public Partnership (PPP) project. Pagdudugtungin nito ang NLEX sa MacArthur Highway at C3, tagos sa Manila Port Area.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***

Sa laki ng imprastrukturang ito, inilarawan niya na nahahati ito sa dalawang segments. Ang Segment 9 na bababybay mula sa mga barangay ng Gen. T. De Leon, Karuhatan hanggang Maysan at inaasaahn itong matatapos sa loob lamang ng isang taon sa halagang P1.7 bilyon.

Samantala, ang Segment 10 naman na may haba na 5.65 kilometro ay magsisimula sa McArthur Highway kung saan natapos ang Segment 9 at tatagos ito patungong C-3 Road sa Port Area. Yari ito sa loob lamang ng dalawang taon sa halagang P6.33 bilyon.

Ayon pa sa mga opisyal ng kumpanya, tulong ito sa mga negosyante at mga byahero sa Luzon na magkaroon ng alternatibong ruta paloob at palabas ng Kamaynilaan. Nakikini-kinita ito ni Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian bilang isang malaking kambyo sa lokal na ekonomiya ng lungsod.

Kaugnay nito, siniguro ni Mayor WIN na may nakahandang sapat na tulong para sa informal settler families (ISF) na maaapektuhan ng higanteng proyekto. May ilan sa kanila ang maililipat sa Disiplina Village housing project ng lungsod samantalang na-relocate naman ang ilan sa mga karatig na bayan ng Muzon at San Jose del Monte.

Kasado rin ang Balik-Probinsya Program ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO) para sa mga gustong bumalik na lamang sa kanilang pinanggalingang lalawigan.- ***Liezel Fulgencio***

# Mayor WIN, international leader

*mula sa pahina 1*

ng lungsod sa ilalim ng kanyang administrasyon at naiimbitahan ng iba't-ibang ahensya para ibahagi ang mga ito at mapag-aralan. Ilan sa mga programa ay nagiging modelo pa para sa ibang local government units.

Matatandaang pinarangalan din si Mayor Gatchalian bilang isa sa The Outstanding Young Men of the Philippines (TOYM) noong 2012 para sa husay sa serbisyo publiko.

Hurado ng 40 Under 40 sina Richard Hirsch, Chairman, Applied Planning & Infrastructure, Inc; Rafael Lopa, Executive Director, Philippine Business for Social Progress; John Forbes, Senior Advisor, American Chamber of the Philippines; Pete Troilo, Director, Global Advisory and Analysis, Devex; at Marites Dañguilan-Vitug, Editor-at-Large, Rappler.

Naunang kinilala ng Devex ang 40 leaders ng London noong 2011 at ng Washington DC noong 2010. Matapos ang Manila, kikilalanin naman sa New Delhi ang susunod na 40 international development leaders. - ***Mark Cayabyab***



***Devex Manila 40 Under 40.*** *Mula kaliwa, nakaupo: Devex founder at president Rajiv Kumar, Chevron (Caltex) country chairman for the Philippines Peter Morris, Social Welfare and Development Sec. Dinky Soliman at Devex director for Manila Pete Troilo. Kasama nila ang honorees ng Manila 40 Under 40, kabilang na dito si Mayor WIN Gatchalian (dulong kaliwa, likod).* ***Photo handout: Devex***

# Trabaho? I-PESO Online mo na



*Kasabay ng Gabi ng Pasasalamat sa Top Taxpayers ng lungsod noong 15th Charter Day, Peb. 15, inilunsad ng pamahalaang lokal ang PESO Online, ang Internet portal para sa mga Valenzuelano upang tulungan silang makahanap ng trabahong swak sa kanila. Ito ang kauna-unahang job matching online initiative para sa isang local government unit sa buong Pilipinas.*

*Ipinapakita sa photo illustration na ito kung gaano kadali ang bumuo ng profile na siyang magiging susi upang hanapan ng job matches ang isang aplikante. Kapag mayroong mga trabaho na tugma sa qualification ng isang aplikante, saka sila ino-notify ng staff ng PESO para sa job requirements. Ayon sa Public Employment Service Office (PESO) Manager Luningning Martin, iwas tapon oras ito sa mga aplikante sapagkat ang database na nila ang maghahanap ng trabahong magma-match sa kanila.*

*Para makalikha kayo ng inyong profile sa PESO Online, pumunta lamang sa www.valenzuelako.com/pesoonline/register.php at fill out ang form. –* ***Mark Cayabyab***

# Disiplina Village Phase 2...

*mula sa pahina 1*

coordinator ng City Housing and Resettlement Office.

Matatandaang nakipag-ugnayan si Mayor Sherwin T. Gatchalian sa mga nabanggit na ahensya para sa tulong-pabahay ng lungsod sa mga nawalan ng tahanan dahil sa bagyong "Ondoy" noong 2009. Simula noon ay tuloy-tuloy na ang pakinabang dito.

***PAG-UUSISA NG USAID, ATBP***

Sa kabilang banda, inanyayahan ng United States Agency for International Development (USAID) si Mayor WIN para sa isang roundtable discussion sa Discovery Suites sa Pasig City, Enero 23, upang kanilang alamin ang mga proyekto nito sa urban development. Sentro ng pagtalakay dito ang Disiplina Village na siyang flagship housing program ng lungsod.

Layunin kasi ng ahensya ng pamahalaang Amerika na makahanap pa sila ng mga "best practices" ng iba't-ibang organisasyon para palakasin naman ang kanilang mga development projects sa bansa.

Ito rin ang nakikitang anggulo ng mga bumisitang kinatawan ng Taguig City at UP Planning and Development Research Foundation (UP PLANADES) sa site noong Disyembre 2012. Sa binubuong housing project ng Taguig, katuwang ang Australian Agency for International Development (AusAID).

Sinabi ni Evelyn Lorenzo ng UP PLANADES na pambihira ang sistemang ito para sa isang LGU-initiated na pabahay dahil sa bilis ng usad ng proyekto. "Simula 2009, naglilipat na kayo ng tao," diin niya. - ***Beng Bautista, Mark Cayabyab***

# Galing Pook...

*mula sa pahina 1*

pamamahala na nakikita nya sa loob at labas ng bansa, maging ng mga suhestyon ng mga Valenzuelano.

Nakatakdang tanggapin ni Mayor Gatchalian ang pagkilala para sa Valenzuela City mula kay Pang. Benigno Aquino III sa Landbank Plaza sa Maynila nitong Marso.

Magiging kahanay ng 3S in Public Service ng lungsod ang may 260 programa mula sa 160 iba pang LGUs at mga katuwang nito na kinilala ng Galing Pook mula 1993. - ***Mark Cayabyab***

# 1,025 graduating studes naghahanda na

**DALAWANG PAMPUBLIKONG PAARALAN** sa kolehiyo sa Lungsod ng Valenzuela ang handang-handa na para sa nalalapit na graduation sa darating na Abril, ang Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) na nasa Brgy. Malinta at ang Valenzuela Polytechnic College (ValPoly) na nasa Brgy. Parada.

Mayroong 675 mag-aaral na magsisipagtapos ang PLV samanatalang 350 naman ang sa ValPoly mula sa iba't-ibang vocational at *four-year courses.*


Layon ng pamahalaang lungsod na gawing abot-kamay ng mas nakararaming kabataang Valenzuelano ang dekalidad na edukasyon.

Ang dalawang paaralang nabanggit ay kapwa pinatatakbo at pinopondohan ng lokal na pamahalaan para sa mga nais makatapos ng pag-aaral na may suliraning pinansyal. Bukod sa abot-kayang matrikula, karamihan sa mga magsisipagtapos ay produkto ng iba't-ibang scholarship program na ipinagkakaloob ng pamahalaang lungsod gaya ng Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program.

"Nagpapasalamat po ako kay Mayor WIN Gatchalian sa kanyang puspos na suporta para sa aming mga kabataang mag-aaral magmula po sa napakagandang pasilidad ng aming paaralan, mataas na kaledad ng edukasyon at scholarship programs.

Sa kanyang munting paraan ay napakalaking tulong po ito para sa amin na sa bandang huli ay ang aming pagiging propesyunal at malikhaing mamamayan.

Ngayong gagradweyt na po ako, nais ko pong maglingkod sa ating pamahalaang lungsod bilang ganti sa napakalaking tulong na ibinigay sa akin," pahayag ni Jessica R. Napoles, Dean's Lister ng PLV sa kursong Bachelor of Secondary Education major in Physical Science mula sa Brgy. Paso De Blas. - ***Beng Bautista***



*FILE PHOTO: Propesor at mga estudyante sa PLV.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***

VALENZUELA Ngayon



# VC, may sariling weather station na



*Lufft AWS. Ipinapakita ni Engr. Alvin Tobias ng WPF ang Lufft Automated Weather System sa mga opisyal ng City DRRMO at kinatawan ng ilang lungsod sa Metro Manila.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***

**MALAKING TULONG SA DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT PROGRAM** ng lungsod na may kinalaman sa lagay ng panahon ang pagkakaroon nito ng sariling Automated Weather Station (AWS).

Ito ay ayon sa mga opisyal ng Weather Philippines Foundation (WPF) at League of Cities of the Philippines (LCP) na nakipagkasundo sa pamunuan ng Valenzuela City para sa proyekto.

Pormal na nai-turn over sa pamahalaang lungsod ang isang solar-powered na Lufft AWS, Peb. 8 sa city hall. Ito ang pinakalatest model sa mga state-of-the-art equipment na ginagamit ng mga meteorologist para makakalap ng real time data para sa isang reliable na weather forecast.

Sinabi din ni WPF General Manager, Engr. Celso Caballero III, may kakayahan ang aparato na makapagsukat ng temperature, atmospheric pressure, humidity, solar radiation, wind speed, wind direction at amount ng rainfall.

Kaya din nitong makapag-transmit ng data kada 10 minuto gamit ang dataloggers mula sa Advance Science and Technology Institute (ASTI) ng Dept. of Science and Technology (DOST).

Ipoposisyon ang AWS sa compound ng Valenzuela City External Services Office (o Action Center) na nasa Brgy. Dalandanan upang mamonitor itong mabuti ng Disaster Risk Reduction Management Office.

Sinabi ni Mayor Sherwin T. Gatchalian na dahil sa may sariling weather station ang lungsod na makakapagbigay ng localized weather forecast, mas makakakilos ng maaga, mabilis at maayos ang pamahalaang lokal sa mga banta ng sama ng panahon, gaya ng bagyong Ondoy at ng mapaminsalang Habagat noong Agosto 2012 na gumulat sa buong Metro Manila at ilang bahagi ng Luzon.

Ang AWS sa lungsod ay isa lamang sa 400 na AWS na ikakabit ng grupo sa iba't-ibang dako ng WPF at LCP upang makatulong sa Pagasa sa pagtaya ng panahon.

Bukod sa opisyal na weather bulletin ng Pagasa, maa-access din ng publiko ang weather data mula sa mga AWS na ito gamit ang Internet at mag-log lang sa www.weather.com.ph – ***Zyan Caiña***

# SPO1 Valenzuela makabagong imahe ng kapulisan

**ISANG MODERNONG IMAHE NG KAPULISAN ANG INILUNSAD** ng Valenzuela City Police Station (VCPS) na maghahatid ng katahimikan at kaayusan sa buong lungsod at magsisilbing halimbawa ng isang matapat, mapagkakatiwalaan, makabago at masayahing alagad ng batas. Siya si SPO1 Valenzuela. Isa siyang *mascot* na pulis na karaniwang makikita sa mga malls, paaralan, barangay sa buong lungsod upang pasayahin ang mga Valenzuelano sa pamamagitan ng pag-awit at pagsayaw.

Una siyang iniharap sa publiko kasabay ng PNP Patrol Plan 2030 Forum, Peb. 9 sa Valenzuela City External Services Office. "Si SPO1 Valenzuela ay larawan ng makabago at modernong pulisya", ani Police Chief Senior Supt Rhoderick Armamento, ang bagong VCPS Officer-in-Charge.

"Si SPO1 Valenzuela ay maglilingkod din bilang inspirasyon para sa pagpapanatili ng disiplina sa hanay ng ating lokal na kapulisan, pati na rin ang magandang imahe ng mga lingkod ng pamahalaang lungsod", pahayag ni Mayor Sherwin T. Gatchalian.

Nakiisa rin sa naturang programa si Center for Police Strategy Management (CPSM) Director, P/SSupt. Fernando G. Sevilla, aniya "Ang paglikha kay SPO1 Valenzuela ay isang epektibong stratehiya upang mapanatili ang estado ng VCPS bilang isa sa mga magagandang halimbawa at modelo ng mga police station sa bansa. Ang Valenzuela Police Station ay may talang pinakamababang bilang ng administrative cases sa NCRPO. Ibig sabihin nito na ang VCPS ay isa sa mga may mahuhusay na kapulisan." - ***Beng Bautista***



***AKO SI SPO1 VALENZUELA.*** *Kasama ang mga anak ng mga pulis, iprinisinta ang mascot na si SPO1 Valenzuela upang maging simbolo ng isang maayos, tapat at community-friendly na paglilingkod ng City Police.* ***Kuha ni Mark Cayabyab***




***DAGDAG PATROL CARS, DAGDAG SEGURIDAD.*** *Tinatanggap ni Northern Police District Director PC-SUPT Joel Ma T. Alvarez ang simbolikong susi mula kay Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian sa pormal na pagtanggap ng lokal na kapulisan ng pitong bagong Isuzu Crosswind bilang dagdag patrol car nito, Peb. 21 sa city hall. Mahigit sa P6.2 milyon ang ipinuhunan sa mga sasakyan upang mabantayan pa ng husto ang peace and order situation sa lungsod.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***

# Outstanding na mga guro kinilala

**PINARANGALAN NG DIVISION OF CITY SCHOOLS** ng Valenzuela ang 36 indibidwal na nagpamalas ng natatanging dedikasyon sa propesyon at epektibong pamumuno sa larangan ng edukasyon sa ginanap na 2012 Win na Win Search for Outstanding Teachers, Stakeholders and Division of City Schools (DCS) Employees sa Valenzuela City Auditorium, Enero 11.

Ito ay bahagi ng layunin ng lokal na pamahalaan na itaguyod at ipagpatuloy ang tinatamasang tagumpay ng sektor ng edukasyon sa lungsod.

Kabilang sa mga outstanding teachers ay sina Gladys Banastao, Malinta Elementary School (Math); Ma. Celina Cloa, Bitik ES (English); Ester Ibarra, Marulas ES (SPED) Hilario Junio, Tugatog ES (EPP); Jeny Martinez, Serrano ES (Filipino); Ricardo Obillo, Gen. T. de Leon ES (MSEP); Anavel Ranay, Paltok ES (Science); Melissa De Ramos, Pio Valenzuela ES (Kinder) atVirginia Ricafrente, Isla ES (HEKASI) para sa elementarya habang sina Jean Francis Dela Cruz, Caruhatan National High School (Science); Marcelo Jose, Dalandanan NHS (TLE); Lawrence Jay Sedilla, Valenzuela NHS (MAPEH); Roderick De Leon, Malinta NHS (Math); Joan Matining mula sa Sitero Francisco Memorial HS (SPED); Ry Ann Nodesca, Canumay NHS (Filipino); Jeanne Potato, Sitero Francisco Memorial HS (Araling Panlipunan) at Ma. Corazon Quijano, Malinta NHS (English) naman ang outstanding secondary teachers.

Kinilala din ang mga retiradong guro na sina Leonora Candelaria, Marta Delupio, JacintoManahan, Remedios Pineda, Agripina Policarpio at Aida San Juan.

Nagbigay-pugay din ang alkalde sa Ateneo Center for Education Development (ACED) at WIN Mothers Club na mga kaagapay ng programang K to 6 Citywide In-school Feeding Program na nagsusumikap mapagbuti ang nutrisyon ng 6,000 batang kulang sa timbang mula kinder hanggang Grade 6 sa mga pampublikong paaralan.

Limang empleyado din ng DCS ang pinarangalan para sa kanilang kontribusyon sa ahensya.

Naniniwala si Mayor Sherwin T. Gatchalian na "gampanin ng komunidad ang paghubog sa kakayahan at kaalaman ng bawat kabataan maging ang paghahanda sa kanila sa mga pagsubok na maaari nilang kaharapin." - ***Beng Bautista/Fatima O. De Guzman***

## Samu't sari

### Iodized salt sinisiguro sa merkado

**KAMPANTE ANG MGA MAMIMILI NA PINAGYAMAN SA IODINE** ang asin na kanilang binibili sa mga pamilihan sa lungsod dahil binabantayan dito ang pagpapatupad ng RA 8172 o ang "An Act Promoting Salt Iodization Nationwide and for Related Purposes" na mas kilala bilang "Asin Law."

Sinabi ni City Health Officer Dr. Jaime Exconde sa mga nanay, buntis at mga delegadong medikal sa 7th Goiter Awareness Week (GAW) celebration dito sa City Auditorium, Enero 23 na regular na sinusuyod ng mga city nutritionists ang mga merkado upang tiyakin na iodized salt ang binebenta rito.Ayon sa mga eksperto, nakatutulong kasi ang iodine upang makaiwas ang tao sa peligrong dala ng kakulangan nito gaya ng bosyo o goiter, mental retardation, pagkalaglag ng bata sa sinapupunan at stillbirth.

Naging daan din ang okasyon para pasalamatan ni Mayor Sherwin T. Gatchalian at himukin ang iba't-ibang medical associations at ahensya ng gobyerno na ipagpatuloy ang kanilang kampanya para mas maraming tao, lalo na ng mga indigent, ang makaalam ng kahalagahan ng iodine sa kalusugan.Kaugnay nito, nagkaroon din ng school caravan sa Gen. T. de Leon Elementary School upang higit na maliwanagan ang mga kabataan at mga guro sa halaga ng iodine para sa mga murang isipan. – ***Liezel Fulgencio***

### Daan-daang pamilya apektado sa 2 sunog

**DALAWANG MAGKAHIWALAY NA SUNOG** ang naganap sa lungsod bago mag-Fire Prevention Month. Muling pinaalalahanan ng mga kinauukulan ang publiko hinggil sa mga hakbang upang maiwasan o mabawasan ang pinsalang hatid ng mga sunog.

Pebrero 19 ng madaling araw nang maganap ang sunog sa Tampuy 2 na tumagal ng halos apat na oras. Sa tala ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO), 357 apektadong pamilya ang inilikas sa Villa Theresa Open Court at Telecom Bukid na nagsilbing mga evacuation center.

Nakatakdang magkaroon ng paglalagda ng Memorandum of Agreement sa pagitan ng Dept. of Science and Technology (DOST) at National Housing Authirity (NHA) sa Marso 8 upang magtayo ng dalawang palapag na gusali para sa mga pamilyang nawalan ng tirahan. Napag-alaman din na ang karamihan sa mga biktima ay empleyado ng DOST.

Isa pang sunog ang bumulabog sa lungsod, Peb. 27 ng tanghali sa De Gula Compound. Umabot ito sa pinakamataas na alert level bago naideklarang fire out dakong 3:45 PM.

Walang ring naiulat na nasawi sa insidente dahil na rin sa agarang pagresponde ng mga bumbero.

Mabilis namang nailikas ang 455 pamilyang nawalan ng tahanan at dinala sa mga evacuation center sa Tañada at Fortune 1 covered courts. Tinatayang aabot sa P1 milyon ang halaga ng mga napinsala.

Kaagad namang nagpaabot ng tulong ang pamahalaang lungsod sa mga biktima. Agarang nagtayo ng community kitchen ang CSWDO sa mga nabanggit na evacuation centers; nagbigay ng mga pagkain, higaan, damit at iba pang mga pangangailangan kasama na ang tulong pinansyal na P5,000 at P3,000 naman mula kay Rep. Rex Gatchalian. - ***Beng Bautista/Fatima O. De Guzman***



***PAGLINGAP.*** *Si Mayor WIN, Health OIC Dr. Exconde at mag-inang nasunugan sa Tampuy 2.* ***Kuha ni Jonathan Licuan***



New Bataan sa Compostela Valley para sa relief goods.

# WIN!

## g mga natatanging alenzuelano

### wizards



ling sa mathematics, naging pambato nga kompetisyon sa ibang bansa gaya Olympiad sa Hong Kong at 9th China sa Fujian, China nitong Hulyo 2012. galan para sa bayan ay sina Judy Ann ience High School, Alexander Sarino, Sevilleno, 3rd year VCSHS, Joshua ng sina Ashley Alentajan, 2nd year ng Kathleen Yu, 2nd year, Canumay West



### ience Fair

nal High School ang unang puwesto & Technology Fair 2012 mula sa ayandra Pelino, Mariz Bustamante, rch Team.

### 2012 - NCR LEG Champion




ano sa lungsod ang titulong Over-all Pinoy 2012 – NCR LEG. Ang mga

maculate College
Immaculate College
eon National High School
e Leon National High School
National High School
eon National High School
Mary Immaculate College

# Lights Camera Action






*Nagulat marahil ang mga Valenzuelano nang mapanood nila sa primetime TV ang ilan sa mga pasilidad ng lungsod. Rumolyo ang kamera sa harap ng mga kilalang personalidad sa showbiz habang naging backdrop ang lungsod sa kwento.*

*Isa lamang itong munting paraan para maipakita sa mas maraming tao ang nasa loob ng mga pasilidad. Masarap lang malaman na bahagi ang Valenzuelano sa ating mga sinusubaybayang palabas sa telebisyon.*



Kinamusta ni Vice Mayor Eric Martinez ang cast at crew ng "Kahit Puso'y Masugatan" sa loob ng City Police Station. Mula kaliwa: Joey Paras, Barbara Perez, Iza Calzado at Jake Cuenca.



Dinalaw ni Mayor WIN Gatchalian ang kaibigan niyang mahusay na aktres na si Iza Calzado sa set ng Kapamilya teleserye sa City Police Station, Enero 11.



Ginamit ding set ng top-rating na teleserye ang bagong Valenzuela City Emergency Hospital para sa isang eksena ng aktres na si Andi Eigenmann na nakikinig sa instruksyon ni Direk Wenn Deramas (nakatalikod).



Kasama din sa cast si DJ Durano na may papel bilang isang pulis.

Kahit Puso'y Masugatan

Ang mga hosts ng Jeepney Jackpot na nakikipagkulitan sa Museo Valenzuela na sina Mr. Fu (nakatayo kaliwa), Valeen Montenegro (nakatayo, kanan), Saida Diola (nakaupo, kaliwa) at Jeepney Jackpot driver na si Alizon Andres.

## JEEPNEY JACKPOT PERA O PARA

*Buong kasiyahang sumali ang ilang mga Valenzuelano sa pinakabagong gameshow sa telebisyon, ang "Jeepney Jackpot: Pera o Para" ng Kapatid network TV5. Kasama ang mga kwelang hosts nito, kanilang ibiniyahe ang kanilang masuwerteng "Jeepney Jackpot" paikot ng lungsod. Nag-stop over sila sa ilang lugar gaya ng Museo Valenzuela (larawan sa kanan) at Brgy. Pulo upang maipakita ang buhay Valenzuela at mabigyang pagkakataong manalo ang mga kalahok. -* ***Mga kuha ni Erwin Marasigan***







## Liham sa Kinauukulan

*Inaanyayahan ng ating pahayagang **Valenzuela Ngayon** na ipahatid ang inyong mga obserbasyon, paglilinaw o mungkahi sa ating mga kinauukulan para sa ikabubuti ng ating lungsod.*

*Ipadala ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng email: **info@valenzuela.gov.ph** o kaya i-post sa Official Facebook Fanpage: **Valenzuela City.** May karapatan ang publikasyon na i-edit ang mga liham ayon sa haba, linaw at gamit ng lengwahe.*

### Wastong paggamit ng pondo

Thank you Mayor Win sa maayos na paggamit ng pondo ng Valenzuela City. Alam naman nating lahat na galing sa ating mga mamamayan ang perang ginagastos at pinapasahod sa inyo. Nakikita ko naman po ang pagbabago sa ating lungsod (kahit na yung matagal ng problema ng lungsod, hindi parin totally masugpo esp. ang droga, suhulan, etc.). Di hamak na mas maunlad tayo ngayon. Sana po ipagpatuloy ninyo ito. At huwag po sana kayong mahila pababa ng mga talangkang gumagawa ng masama. – ***Ann Francisco***

### Busilak workers

Maraming salamat po sa tulong na binigay ninyo sa medical assistance sa anak ko at sa isang worker na ang pangalan ay si Mama Linda Santiago at si Sir Bernie na kahilera ni Mam Linda. Yun po ang worker na tumulong at nag-assist sa aming mag-ina na walang sawa tumulong sa mga nangangailangang tulad ko. Hindi sila nag-atubili na tumulong sila, dapat tularan ng ibang worker na busilak na tumulong sa mahihirap. – ***Micha Llavore***

### Maasikasong pulis

Maraming salamat sa ating kapulisan na si Sir Santillan, Jonjon at sa mga kasama nila na walang sawang tumulong sa aming mag-ina na hindi ininda ang pagod, hirap at gutom. Mabuhay kayo at sa ating policewoman na si Mam Sinel, Mam Lorena na mabuting pulis. Sila yung mga pulos maasikaso at mabait. Sana marami pa ang tulad ninyo. – ***Micha Llavore***

### Mula sa ating reader...

Nakita ko po ang newspaper ng Valenzuela Ngayon. Napahusay ninyong pinuno para sa atin lalawigan. Andami ninyo po nagawa. Simula na naupo kayo bilang mayor, sana magpatuloy po yung pag-unlad ng Valenzuela. Saludo po ang Pamilya Avellano sa inyo. God bless to you and Gatchalian family. - ***09155407429***

### Maayos na pila para sa business permit

The best talaga si Mayor Win! Kanina habang nag-renew ako ng permit, naruon siya at nagmamasid sa mga taong nakapila sa pag-aayos ng business permit! Tunay kayong mayor na may malasakit sa inyong mga kababayan sa Valenzuela! – ***Jocelyn Ablaza Cabang Bang***

### Thank you sa mga bumbero

Thank you so much po sa mga fireman na nakatira sa loob mismo ng compound kahit na medyo tumila na ang apoy but still wait na makargahan ulit ng tubig dahil may ilan pang house na nagliliyab. Those two firemen na hindi namin nakuha ang name we salute you for your loyalty and sincerity. A real man knows not only his job but also his responsibility. God bless po! We owe you a lot! - ***Anna Trixy Guittieres***




Guhit ni Sarah Jane Quimpo/PLV

# P40 milyong proyektong pambayan

**Boses Ninyo sa Kongreso**



**Rep. Rex Gatchalian**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

**ISA SA MGA KARANIWANG IDINUDULOG NG TAUMBAYAN** sa tanggapan ng inyong lingkod ay may kinalaman sa imprastruktura, kung kaya't ito ay naging isa sa mga sentro ng aking prayoridad. Mahalagang mapagtuunan ng pansin ang aspetong ito sapagkat nakatutulong ito sa pagpapabilis ng mga serbisyo. Ito rin ay indikasyon ng kaunlaran sa isang lugar.

Ang pagkukumpuni at pagsasaayos ng ilang kalsada, pagpapagawa at pagpapaganda ng *multipurpose halls* at *barangay halls* ang pinaglaanan ng humigit-kumulang P40 milyon ng aking *Priority Development Assistance Fund* (PDAF) para sa taong ito.

Dalawang paaralan ang may pondo na ngayon sa pagpapatayo ng *multi-purpose building*. Ito ang Bignay National High School at Dalandanan Elementary School.

May tatlong barangay naman po ang makikinabang sa pagpapatayo ng mga bagong *barangay hall* at *multi-purpose building*. Ito ang mga barangay ng Pariancillo Villa, Canumay East, at Canumay West.

Ang mga barangay ng Bignay, Bisig, Coloong, Malanday, Veinte Reales, at Wawang Pulo ay may aasahan ding mga bagong *multi-purpose buildings*.

Pinondohan at isinasaayos na rin ang mga kalsada ng *Siniguelas Street* sa Barangay Balangkas upang magbigay kaginhawahan sa mga residente dito partikular na sa aspeto ng transportasyon.

Ang mga nabanggit na proyekto ay hindi mabibigyan ng katuparan kung ang mga namumuno sa barangay ay bingi sa panawagan ng kanyang mga mamamayan. Ang mga lider na mulat sa pangangailangan ng kanyang nasasakupan ay madali lang makikilala ng mga mamamayan kung ang dami ng naipatupad na proyekto ang pagbabasehan.

Lumalabas ang pagiging maparaan ng isang lider kung dama niya ang saloobin ng mga taong dumudulog sa kanya, at siya ay may tunay na malasakit upang makatulong.

Madalas ko ngang nababanggit sa mga empleyado sa opisina, kailangan nilang pakiharapan ng magiliw at maayos ang bawat lumalapit sapagkat hindi naman sila magtutungo doon kung wala silang kailangan.

Hindi ba't mas mainam na ikaw ang tumutulong kaysa ikaw ang tinutulungan?

Nais kong ibahagi sa kapwa ko Valenzuelano na ang pagtulong sa kapwa ay hindi naman responsibilidad lamang ng mga pulitikong nakaupo sa pwesto. Bawat isa sa atin ay may kakayahan at kapangyarihan na maghatid ng pagbabago sa komunidad. Nariyan ang makabagong teknolohiyang pangkomunikasyon na maaari nating gawing instrumento sa malayang pamamahayag. Ang pagrereport ng krimen, pinsala ng kalamidad, o mga detalye ng samu't saring insidente ay pwedeng i-*text* na lang o di kaya'y ilagay sa *Facebook* para sa mas impormadong mamamayan.

Lahat tayo ay pwedeng maging bayani sa araw-araw, kahit sa ating mga munting paraan.

**valenzuelako**
www.valenzuela.gov.ph

| | |
|---|---|
| City Government of Valenzuela | ***Publisher*** |
| Hon. Sherwin T. Gatchalian | ***City Mayor*** |
| Ahna F. Mejia | ***Public Information Officer*** |
| | *** |
| Mark Lester S.Cayabyab | ***Editor-in-Chief*** |
| Beng S. Bautista | ***Contributing Writers*** |
| Zyan F. Caiña | |
| Liezel N. Fulgencio | |
| Fatima O. De Guzman | |
| Jonathan A. Licuan | ***Photo Editor*** |
| Allan C. Tampadong | ***Chief Artist*** |
| Jehan T. Ingalla | ***Online Media Coordinators*** |
| Sunshine D. Manahan | |
| Clairidy C. Pinto | ***Circulation*** |
| Apolinario A. Francisco | |
| Ronald A. Delino | |

Inilalathala ang *Valenzuela Ngayon* ng Publications Unit ng Public Information Office at may tanggapan sa 3rd Floor, Executive Building, Valenzuela City Hall, MacArthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City.

May karapatang sipi ang Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela.

publishing@valenzuela.gov.ph
Telephone: 352-1000 local 1102
Telefax: 292-9168

Download ***Valenzuela Ngayon*** in PDF at www.valenzuela.gov.ph/valenzuelangayon

Valenzuela City
valenzuelacity

TEAM PIO
Public Information Office

# Isang pasasalamat

**Ang Konseho**



**Kon. Shalani Soledad-Romulo**
**Ikalawang Distrito, Valenzuela City**

**BILANG ISANG KONSEHAL** na may siyam na taong paglilingkod sa ikalawang distrito ng ating lungsod, naramdaman at nakita ko kung ano ang mga tunay na pangangailangan ng aking nasasakupan na dapat na pagtuunan ng pansin.

Sa aking unang termino noong taong 2004 ay inuna kong bigyang-pansin ang kasiguruhan para sa kalusugan at tamang pangangalaga sa mga batang bagong panganak hanggang anim na taong gulang sa pamamagitan ng inilunsad nating proyekto, ang Early Care Childhood Development Program.

Naniniwala akong ang ganitong edad nila ang lubos na nangangailangan ng sapat na atensyon, pagmamahal at tamang pag-aalaga. Marahil ay nakita ng United Nations Children's Fund o UNICEF ang layunin ng ating proyekto kung kaya't ito ay kanilang sinuportahan.

Sa aking ikalawa at ikatlong termino, ipinagkatiwala sa akin ng aking nasasakupan ang pagiging number 1 councilor. Bilang pasasalamat ay ibinalik ko sa kanila ang tiwalang kanilang ibinigay sa pamamagitan ng mga programang aking inilunsad para sa kanilang kapakinabangan.

Sa aking pagsusumikap ay naipatupad ko naman ang mahigit 100 ordinansa na sadyang nakatulong sa ating lungsod. Ilan lamang dito ang mga ordinansang naglalayong magbigay ng episyente at sapat na alokasyon sa supplemental budget para sa lokal na pamahalaan, 33 barangay, mga unibersidad at kolehiyo ng lungsod at iba pa upang makapagbigay ng agarang serbisyo-publiko. Akin itong tinutukan bilang Chairman ng Committee on Appropriations, Ways and Means ng konseho.

Isa pa rin dito ang mga ordinansang nagbibigay kaluwagan sa mga hindi nakababayad ng buwis sa mga Real Properties at Business Permit and Licensing kaugnay sa mga multa nito, pagpapatibay ng Scholarship Program ng Dr. Pio Valenzuela Scholars upang magbigay ng libreng edukasyon sa kanila sa nais nilang pasukang unibersidad o kolehiyo, para sa pagpapalakas at pagbibigay karapatan alinsunod sa batas ng iba't-ibang manggagawa sa lungsod at iba pang mga ordinansang pinakikinabangan ng nakararami magpasahanggang ngayon.


Ang PSPR 2010-124 ay ang resolusyong aking inakda na ipinasa ng House of Representatives at ng Senate na naging national law noong taong 2011 bilang Republic Act 10156, na patungkol sa civil service eligibility ng mga city, municipal councilors at provincial board members.

Ang lahat ng ito ay bilang pasasalamat at pagganap sa aking tungkuling inyong ipinagkatiwala sa akin para sa sama-sama nating hangad na pagsulong ng Lungsod ng Valenzuela.

VALENZUELA Ngayon



# Ang ginagawang Valenzuela-Obando-Meycauayan (VOM) Priority Flood Control Project






**SOLUSYON SA BAHA.** *Pinupulong ni Pang. Benigno Aquino III sina Mayor Sherwin T. Gatchalian at Vice Mayor Eric Matinez sa Gen. T. De Leon NHS, Agosto 2012. Kanyang idinetalye ang lawak ng P1.598 bilyong VOM Flood Control project na sinasabing magbibigay ng solusyon sa mga pagbaha sa ilang lugar sa Valenzuela City at mga bayan ng Obando at Meycauayan sa Bulacan.* ***File photo ni Jonathan Licuan***

# Gun ban-gun ban?

## Tinig Mamamayan

**SINIMULANG PAIRALIN ANG GUN BAN SA BANSA** noong Enero 13 hanggang sa matapos ang panahon ng eleksyon sa Hunyo 12. Ito ay para tulungang kontrolin ang pagsiklab ng karahasan o kaguluhan sa mahalagang okasyon na ito. Subalit, dahil sariwa pa sa isip ng lahat ang kalunos-lunos na sinapit ng ilan nating kababayan sa kamay ng ilang iresponsableng gun owners, ***epektibo ba ang pagpapatupad ng gun ban sa Pilipinas upang masigurong ligtas ang mamamayan ngayong election period?*** Narito ang saloobin ng mga Valenzuelano Ngayon:

Magiging epektibo lamang ito kung maipatutupad ng tama at magkakaroon ng katapat na mabigat na parusa sa sinumang lalabag. Kailangan ding magkaroon ng social awareness sa mga batas na ipatutupad, para maging bahagi mismo ang taumbayan sa pagpapanatili ng kaayusan ngayong nalalapit na halalan. – ***Jonah Micah Madrigallos***

Napakaganda sana ng batas kung mai-implement ng maayos, kaya lang meron talagang mga lugar at mga taong nakasanayan na ang maduming politika katulad ng paggamit ng baril at pera. Walang kwenta ang gun ban kung hindi naman ito maisatutupad ng maayos. Napakaraming sasakyan pero hindi natin alam kung alin sa mga yun ang may dalang baril. Sabihin na natin na iche-check ng mga pulis ung mga sasakyan, lahat ba ng sasakyan nache-check? Lahat ba ng taong may dalang baril nahuhuli? Wala bang pinapanigan ang mga pulis? Sana yung mga letrang nakasulat sa batas hindi lang magandang basahin kundi maganda ring maisakatuparan. – ***Ophel Batalon***

Ang Gun Ban ay batas. Ang sumusunod sa batas ay mga mabubuting mamamayan na ang layunin lamang ay kaligtasan at kapakanan ng kanyang pamilya at pamayanan. Ang mga masamang loob walang batas na sinusunod at lahat ng paraang taliwas sa batas ang ginagawa. So para kanino ang gun ban? – ***Che Chongco-Lorenzo***

Makatutulong pero hindi garantisadong epektibo, nagiging innovative na ang masasamang loob ngayon kaya sana ang gobyerno at ang mga tao na nasa katungkulan mas maging innovative pa din sa pagsugpo ng krimen hindi lang dahil eleksyon. At sana maging vigilant din at cooperative din ang mga civilian, again 'di lang dahil eleksyon. – ***Angelica Urritia Chongco***

Gun ban = ek ek. Yung drugs nga simulat sapul ipinagbabawal pero hanggang ngayon laganap. Hindi na ako umaasang ilathala ito. Makarating lang sa inyo ok na. – ***Mark Paul Espinola***

Sa tingin mo ba kung may total gun ban, mawawala din ang mga kriminal? Susunod ba ang mga kriminal sa total gun ban na sinasabi mo? Kahit taasan ang multa o bigatan ang parusa 'di mo maipapatupad sa isang kriminal ang total gun ban! Sabihin mo yan sa mga holdaper at mga rebelde at yung may mga private army na politiko! – ***Gregorio Magalpoc***

Sa aking palagay eh, epektibo. Dapat lang na maipatupad at tupdin ng bawat nagmamay-ari ng mga gun na yan at maparusahan ang mga 'di tutupad. Maging isang bukas na halimbawa ang nangyari kay Stephanie Ella na isang batang walang muwang na naging biktima ng mga walang pusong mayayabang na mayroong mga baril na yan. – ***Daisy Diaz***

Epektibo. Dahil dito napipigilan ang masasamang loob na gumawa ng anumang kasamaan, dahil sa pagpapatupad ng GUN BAN, kaliwa't kanan ang police visibility at mga checkpoint sa bawat kalsada sa buong lungsod ng Valenzuela. – ***Eric Loco Bañu* Miche Alejandrino**

May eleksyon o wala hindi epektibo ang gun ban sa Pilipinas. Mas marami nang masasamang loob ang ngkalat kung saan, hindi lang baril ang pwedeng makapanakit or makapaminsala ng mga inosenteng Pilipino. Nakakatawa lang na sa tuwing eleksyon eh pinapatupad ang "Gun Ban." Sino ba ang nais protektahan: ang mamamayang Pilipino o ang mga kandidato? Kung sana man lang eh may isang kandidato na matapos manalo sa eleksyon ay naisip na rebisahin at gawing mas epektibo ang mga pamantayan sa pagbibigay lisensya sa mga gun owner. Hindi yung basta may baril at malakas ang kapit sa may katungkulan mabilis pa sa alas-kwatro may lisensya na. Nakakalungkot na isipin ang kaming mga OFW ay panatag at ligtas sa ibang bansa kesa sa sariling bayan. – ***Miche Alejandrino***

# Ang Valenzuela ngayon

## Ang Taumbayan

*Ang pitak na ito ay bukas para sa inyong kontribusyon. Ang opinyon na napapaloob dito ay mula lamang sa may-akda at hindi mula sa patnugutan.*

**Ni Rondel Elisha Samson - Alviz**

**DATI, HINDI KO HALOS INIINTINDI ANG NANGYAYARI** sa lugar kung saan ako nakatira, ang Valenzuela City. Ang tanging alam ko lang ay mag-aral, maglaro at magsimba. Pero, nang marinig ko ang salita ng aming guest sa 13th Annual Advanced Students' Honor Roll 2012 ng Kumon Valenzuela na ginanap sa Valenzuela Auditorium noong July 28, 2012 ay doon ko naisip ang kahalagahan ko bilang isang bata para sa lalong ikauunlad ng kanyang lungsod.

Salamat sa bisitang ito na walang iba kundi ang aming Mayor Sherwin Gatchalian. Ito ang kanyang sinabi, "Congratulations sa mga batang ito na tatanggap ng parangal sa araw na ito. Ang mga batang ito na kinabukasan at pag-asa ng Valenzuela."

Ang mga salitang ito ni mayor ang naging inspirasyon ko upang lalo ko pang pagbutihin ang aking pag-aaral at magsumikap na maging mabuting mamamayan ng Valenzuela sa tulong ng Panginoon.

Unti-unti, napansin ko na ang aming lugar. Ang bagong City Hall ng Valenzuela na maganda, malinis at malaki. Ilang beses din itong nilagyan ng bazaar na malaking tulong para sa lahat lalo na sa mahihirap kung saan noong bago magpasko at bago magsimula ang pasukan sa klase ay makakabili dito ng mga murang damit, sapatos, laruan, pagkain, uniporme at mga gamit sa paaralan.

Lagi ko na din napapanood si mayor sa telebisyon na tumutulong sa mga nasalanta ng bagyo at mga nasunugan. Napansin ko na din ngayon ang mga makabagong stop lights sa iba't-ibang lugar sa Valenzuela kaya nabawasan na ang sobrang trapik. Dahil din ito sa mas magaganda at maaayos na kalsada at mga kanal. Dahil dito, hindi na ako nala-late ngayon sa pagpasok sa school.

Simula ngayon, kasama na ako ni Mayor Sherwin sa kanyang pangarap at adhikain para sa mas lalo pang ikauunlad ng Lungsod ng Valenzuela.

*Si Rondel Elisha S. Alviz ng Brgy. Malinta ay consistent honor student sa kanyang pre-school hanggang sa kasalukuyan. Si Rondel ay Grade 2 scholar student sa St. Louis College – Valenzuela at consistent placer sa Battle of the Brains, Valenzuela inter-school competition.*

# Business Friendly City sa kanyang 15th Anniversary



















*A - Nagliliwanag ang Executive at Legislative Buildimgs ng City Hall sa Gabi ng Pasasalamat, Peb. 15, bilang bahagi ng selebrasyon ng 15th Charter Day ng lungsod.*

*B - Kahit na matagal nang nagsasama ang mag-partner na ito, kilig pa rin sila sa isa't-isa matapos silang pag-isahing dibdib ni Mayor WIN Gatchalian sa Kasalan sa Barangay sa Tañada Covered Court sa Brgy. Gen. T. de Leon, sa mismong Araw ng mga Puso.*


*C - Tinatanggap ng pamunuan ng Meralco ang pagkilala bilang Top Taxpayer sa lungsod sa ginanap na Gabi ng Pasasalamat.*

*D - Pinukaw ng folk singer at composer na si Gary Granada ang damdamin ng mga Valenzuelano sa kanyang mga awitin na isinulat niya noong minsan siyang nanirahan sa Brgy. Karuhatan.*

*E - Tampok ang mga grupo at talentong Valenzuelano, buong giliw na nagtanghal ang mga mag-aaral ng Vicente P. Trinidad Elem. School sa "Ani ng Sining sa Lungsod ng Valenzuela" bilang bahagi ng pagdiriwang ng National Arts Month sa Museo Valenzuela, Peb. 14. Namangha ang panauhing pandangal na si National Commission for Culture and the Arts Executive Director Dr. Amelita Almosara at hinikayat ang pamahalaang lungsod na ipagpatuloy ang paghubog sa talento at kulturang angkin ng Valenzuela City.*

*F - Abala sa pag-fill out ng forms ang isang aplikante sa 2-day jobs fair sa city hall grounds bilang handog ng lungsod sa mga nais makahanap ng trabaho.*
*Naging daan din ang Charter Day upang ilunsad ang PESO Online. Istorya nasa Pahina 2.*

## 'San libong Valenzuelano sa











NAKIISA ANG VALENZUELA CITY sa sambayanang Pilipino sa paggunita ng ika-27 anibersaryo ng Edsa People Power Revolution noong 1986. May 1,000 Valenzuelano, karamihan ay mga kabataan, ang tumungo sa People Power Monument sa Edsa, Peb. 25, sa pangunguna ni City Mayor Sherwin T. Gatchalian.

**1** – People Power Monument na likha ni Eduardo Castrillo

**2** – Kasama si Bise Presidente Jojo Binay at tangke, nagmamartsa ang mga kinatawan ng mga local government unit, simbahan at mga sibilyan sa pagreenact ng mapayapang rebolusyon na tumuldok sa rehimeng Marcos.

**3** – Binabati ni Mayor WIN si dating Pangulo at dating AFP chief of staff noong Edsa Revolt na si Fidel V. Ramos.

## Aliw at inspirasyon sa Astrodome




*Naglaro para sa Seven-Up noong 1975 ang komedyanteng si Jimmy Santos.*

*"Defense Minister" Jerry Codiñera, isa sa PBA 25 Best Player of All Time, dating star player ng Purefoods.*



Sa pagbubukas ng bagong renovate na Valenzuela City Astrodome, Dis. 2, 2012, nagbigay aliw at inspirasyon sa mga Valenzuelano, partikular sa mga kabataan, ang mga manlalaro ng Emilio Aguinaldo College Generals at ang mga alamat ng PBA sa kanilang mga exhibition game dito. Magsisilbing sentro sa paghubog ng kagalingang pang-isports at disiplinang pampisikal ang pasilidad.







*Kon. Jerry Esplana (Jersey 30) kasama ang PBA Legends (1). Emilio Aguinaldo Generals kasama ang mga city officials (2).*